OFFICE FOR CIVIL RIGHTS

# PAGKAPRIBADO, SEGURIDAD, AT MGA ELECTRONIC NA TALAAN NG KALUSUGAN

Ang iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan ay maaaring naglilipat mula sa mga talaang papel patungo sa electronic na talaan ng kalusugan (electronic health records o EHRs) o maaaring gumagamit na ng mga EHR. Pinapayagan ng mga EHR ang mga tagapagbigay na gamitin ang impormasyon nang mas epektibo upang mapabuti ang kalidad at husay ng iyong pangangalaga, subalit hindi babaguhin ng mga EHR ang mga proteksyon ng pagkapribado o mga pananggalan ng seguridad na nauukol sa iyong impormasyon sa kalusugan.

## Mga EHR at Iyong Impormasyon sa Kalusugan

Ang mga EHR ay mga electronic na bersyon ng mga papel na tsart sa opisina ng iyong doktor o ng tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan.  Ang isang EHR ay maaaring maglaman ng iyong medikal na kasaysayan, mga tala, at ibang impormasyon tungkol sa iyong kalusugan kabilang ang iyong mga sintomas, mga pagsusuri, mga gamot, mga resulta sa lab, mga vital sign, mga bakuna, at mga ulat mula sa mga pagsusuring eksamen gaya ng mga x-ray.

Ang mga tagabigay ng kalusugan ay nagtatrabaho kasama ng ibang mga doktor, mga ospital, at mga planong pangkalusugan upang humanap ng mga paraan upang ibahagi ang impormasyong iyon.  Ang impormasyon sa mga EHR ay maaaring ibahagi sa ibang mga organisasyon na may kinalaman sa iyong pangangalaga kung ang mga sistema ng computer ay nakaayos na makipag-usap sa isa't-isa.  Impormasyon sa mga ulat na ito ay dapat na ibahagi lamang sa mga dahilang pinahihintulutan mo o ng batas.

Ikaw ay may mga karapatan sa pagkapribado maging ang iyong impormasyon ay nakaimbak bilang ulat sa papel o nakaimbak sa anyong electronic. Ang mga batas pederal na nagtatanggol sa iyong impormasyong pangkalusugan ay siya ring may pareho bisa sa impormasyon sa mga EHR.

## Mga Benepisyo nang Pagkakaroon ng mga EHR.

Maging ang iyong tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan ay nagsisimula pa lamang sa paglipat mula sa mga papel na ulat patungong mga EHR o kung ginagamit na ang mga EHR sa loob ng opisina, malamang na iyong maranasan ang isa o higit pa sa mga sumusunod na mga benepisyo:

- **Pinabuting Kalidad ng Pangangalaga.** Kapag sinimulan na ng iyong mga doktor na gamitin ang mga EHR at nagtatag ng mga pamamaraan upang ligtas na maibahagi ang iyong impormasyong pangkalusugan sa ibang mga tagabigay, magiging mas madali para sa lahat ng sama-samang nagtatrabaho upang masigurado na iyong natatanggap ang pangangalagang iyong kailangan. Halimbawa:
    - o Impormasyon tungkol sa iyong mga gamot ay makukuha sa mga EHR kaya't di ka bibigyan ng mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan ng ibang gamot na maaaring makasama sa iyo.
    - o Mga sistema ng EHR ay may back-up gaya ng karamihan sa mga sistema ng computer, kaya kung ikaw ay nasa lugar na apektado ng sakuna, gaya ng unos, ang iyong impormasyon ng pangkalusugan ay maaaring mabawi.

- o Mga EHR ay maaaring makuha sa isang emerhensiya. Kung ikaw ay nasa isang aksidente at hindi mo maipaliwanag ang kasaysayan ng iyong kalusugan, ang isang ospital na may isang sistema ay maaaring makipag-usap sa sistema ng iyong doktor. Ang ospital ay makakatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga gamot, mga problema sa kalusugan, at mga pagsusuri, kaya't ang mga desisyon ukol sa iyong pangangalagang pang emerhensiya ay mas mabilis at mas napabatid.

- **Mas Episyenteng Pangangalaga.** Maaaring matuklasan ng mga doktor na gumagamit ng mga EHR na mas madali at mas mabilis ang pagsubaybay sa mga resulta ng iyong pagsusuri sa lab at ang pagbabahagi ng mga progreso sa iyo. Kung kaya ng mga sistema ng iyong doktor na magbahagi ng impormasyon, makikita ng isang doktor ang resulta ng pagsusuri mula sa ibang doctor, kaya't ang pagsusuri ay di na kinakailangang ulitin pa. Lalung-lalo na sa mga x-ray at mga partikular na pagsusuri sa lab, ang ibig sabihin nito, mababawasan ang iyong panganib mula sa radyasyon at iba pang mga side effect. Kapag ang mga pagsusuri ay hindi na kinakailangang ulit uliting, ibig din sabihin, mababawasan ang iyong babayaran na mga copayment at mga deductible para sa iyong pangkalusugang pangangalaga.
- **Mas Mainam na Pangangalaga.** Kaya ng mga EHR na alertuhin ang mga tagapagbigay upang ikaw ay tawagan kung panahon na para sa mga partikular na mga eksameng pagsusuri. Kapag ang mga doktor, parmasya, mga lab, at ibang mga miyembro ng pangkat ng iyong pangkalusugang pangangalaga ay nakakapag bahagi ng impormasyon, hindi mo na kailangang punan ang lahat ng magkasing-tulad na mga kasulatan nang paulit-ulit, maghintay sa mga ulat na papel na maipasa mula sa isang doktor hanggang sa iba, o bitbitin mo ang mga ulat na iyon.

## Pagseseguro ng Iyong Electronic na Impormasyong Pangkalusugan

Pakiramdaman ng karamihan sa atin na ang ating impormasyong pangkalusugan ay pribado at dapat protektahan. Itinatag ng pederal na pamahalaan ang Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA) Batas ng Pagkapribado upang siguraduhing ikaw ay may mga karapatan patungkol sa iyong sariling impormasyong pangkalusugan, ano man ang anyo nito. Ginawa rin ng pamahalaan ang HIPAA Batas ng Seguridad upang iatas ang partikular na mga proteksyon sa pagsanggalan ng iyong electronic na impormasyong pangkalusugan. Ang ilan sa mga posibleng mga pamamaraan na maaaring isama sa mga sistema ng EHR ay kinabibilangan ng:

- Mga gamit sa pagkuha o "access control" gaya ng mga password at mga numero ng PIN, para tumulong na limitahin ang pagkuha ng iyong impormasyon sa mga pinahintulutang mga indibidwal.
- Ang "pag-encrypt" ng iyong nakaimbak na impormasyon. Ang ibig sabihin nito ang iyong impormasyong pangkalusugan ay hindi maaaring mabasa o maintindihan maliban ng mga gumagamit ng isang sistema na kayang mag "decrypt" nito gamit ang isang susi o "key."
- Ang katangiang "audit trail", na nag-tatala ng kung sino ang mga kumukuha ng iyong impormasyon, anong mga pagbabago ang ginawa at kailan.

Bilang panghuli, ang pederal na batas ay nag-aatas sa mga doktor, mga ospital, at ibang mga tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan na ipaalam sa iyo kung nagkaroon ng isang "paglabag." Inaatasan din ng batas ang tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan na ipagbigay-alam sa Kalihim ng Health ang Human Services. Kung ang paglabag ay nakakaapekto sa higit na 500 na mga residente ng isang estado o hurisdiksyon, kinakailangang ipagbigay-alam ng tagapagbigay-pangangalaga sa kalusugan sa mga kilalang media outlet na naninilbihan sa estado o hurisdiksyon. Ang rekesitos na ito ay tumutulong sa mga pasyente na malaman kung mayroong nangyaring mali sa proteksyon ng kanilang impormasyon at tinutulungan na managot ang mga tagabigay sa pagprotekta sa EHR.

Para sa karagdagang kaalaman, bumisita sa **www.hhs.gov/ocr/privacy/**.